

KASUNDUAN SA PAGKAKALOOB PARA SA NANGUNGUPAHAN SA ILALIM NG COURT-BASED RENTAL ASSISTANCE PROGRAM NG ILLINOIS

1. **KALOOB NG CBRAP.** Upang makatulong na maiwasan ang pagpapaalis dahil sa hindi pagbabayad ng upa sa nakalista sa itaas na adres ng paupahan ("Paupahang Unit" [*rental unit*]), ako, ang pinangalanan sa itaas na nangungupahan, ("Nangungupahan" [*tenant*] o "Pagkakalooban" [*grantee*]), o ang pinangalanan sa itaas na nagpapaupa [*landlord*], o isang awtorisadong ahente ng pinangalanan sa itaas na nagpapaupa ("Nagpapaupa") ay humihiling sa Illinois Housing Development Authority ("IHDA"), na matatagpuan sa 111 E. Wacker Dr., Suite 1000, Chicago, IL 60601, na maggawad ng pondo mula sa Court-Based Rental Assistance Program ng Illinois ("CBRAP") sa ngalan ng Pagkakalooban, sa halagang hindi hihigit sa Sampung Libo at 00/100 Dolyar (\$10,000.00) ("Kaloob ng CBRAP" [*CBRAP Grant*]). Magsisimula sa Oktubre 1, 2026, ang IHDA ay matatagpuan na sa 225 N. Michigan Ave., Suite 800, Chicago, IL 60601. Ang mga pondo ng CBRAP ay ibinigay ng Illinois Department of Human Services sa IHDA bilang bahagi ng Home Illinois Program upang maiwasan at wakasan ang kawalan ng tirahan [*homelessness*].

2. **ELIHIBILIDAD.** Kinikilala ng Nangungupahan na natutugunan nito ang mga sumusunod na minimum na pamantayan:

- (a) Ang pangunahing tirahan ng Nangungupahan ay ang Paupahang Unit, na matatagpuan sa Illinois;
- (b) Ang Nangungupahan ay pinangalanan sa pormal na paglilitis sa hukuman para sa pagpapaalis dahil sa hindi pagbabayad ng upa;
- (c) Ang Nangungupahan ay may atrasong upa ng hindi bababa sa isang buwan;
- (d) Ang kabuuang kita ng sambahayan ng Nangungupahan ay hindi lumalampas sa walumpung porsyento (80%) ng Area Median Income;
- (e) Ang Nangungupahan ay nasa isang balidong relasyon sa pagitan ng nagpapaupa at nangungupahan, na pinatutunayan ng isang kontrata sa upa [*lease*] o iba pang kasunduan sa pag-upa na katanggap-tanggap sa IHDA; at
- (f) Ang Nangungupahan ay hindi pa naaaprubahan para sa tulong ng CBRAP, kabilang ang direktang tulong sa nangungupahan, sa nakalipas na dalawampu't apat (24) na buwan.

Maaaring bigyang-prayoridad ng IHDA ang mga aplikasyon batay sa pinakamalapit na petsa ng pagpapaalis o sa bilis ng pag-usad ng mga paglilitis sa hukuman. Ang IHDA ay hindi nandidiskrimina batay sa edad, kasarian, lahi, kulay ng balat, relihiyon, bansang pinagmulan, katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan, kapansanan, katayuan bilang beterano, o impormasyong henetiko.

3. **PANAHOON NG SAKLAW NG KALOOB.** Ang Panahon ng Saklaw ng Kaloob ng CBRAP ay nagsisimula sa unang araw ng unang buwan na sakop ng Kaloob ng CBRAP at nagtatapos sa huling araw ng huling

buwan na sakop ng Kaloob ng CBRAP, na maaaring isang darating na buwan. Maaaring saklawin ng pagpopondo mula sa Kaloob ng CBRAP ang buwanang upa na hindi pa nababayaran, at hanggang sa darating na dalawang (2) buwang upa.

4. **ESTRAKTURA NG KALOOB NG CBRAP.** Maliban na lamang kung ang Pagkakalooban ay sakop ng Direktang Pagpopondo sa Nangungupahan alinsunod sa Talata 8 sa ibaba, ang bayad mula sa Kaloob ng CBRAP ay ibinibigay sa Nagpapaupa sa ngalan ng Pagkakalooban. Ang tulong mula sa CBRAP, kabilang ang Direktang Tulong sa Nangungupahan, ay makukuha bilang isang beses na benepisyo bawat sambahayan sa loob ng anumang 24 na buwang yugto, anuman ang halaga ng tulong.

5. **HALAGA NG KALOOB.** Nauunawaan ng Pagkakalooban na kung ang sambahayan ng Pagkakalooban ay kuwalipikado alinsunod sa Talata 2 sa itaas, at kung ang aplikasyon para sa Kaloob ng CBRAP ay naaprubahan para sa pagpopondo, maaaring kasama sa tulong pinansyal ng CBRAP ang napatunayang lagpas na sa takdang panahon na halaga sa loob ng Panahon ng Saklaw ng Kaloob, hanggang sa darating na dalawang (2) buwang upa sa Paupahang Unit, at hanggang Pitong Daan at 00/100 dolyar (\$700.00) para sa mga gastusin sa pagpapaaalis. Ang kabuuang tulong na ibibigay ay hindi maaaring lumampas sa Sampung Libo at 00/100 dolyar (\$10,000.00).

6. **KARAPATANG MAGSAAYOS [RIGHT TO CURE].** Ang mga kuwalipikadong Nangungupahan na nahaharap sa pagpapaaalis sa Cook County (maliban sa Mount Prospect) ay maaaring maging kuwalipikado para sa pagbabayad ng atrasong upa at mga gastos sa hukuman hanggang Pitong Daan at 00/100 dolyar (\$700.00) upang magamit nila ang kanilang Karapatang Magsaayos alinsunod sa City of Chicago Municipal Code 5-12-130 o sa Cook County Residential Tenant Landlord Ordinance. Upang maging kuwalipikado, ang mga Nangungupahan ay dapat katawanin ng isang aprubadong organisasyon ng tulong legal na nakipagsosyo sa IHDA upang magbigay ng suporta para sa CBRAP, at dapat matugunan ang lahat ng iba pang mga kinakailangan sa aplikasyon at pagiging kuwalipikado sa CBRAP, kabilang ang mga tuntunin ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito. Kung maaprubahan, ang IHDA ay maglalabas ng bayad sa Nagpapaupa, na ipapadala sa organisasyon ng tulong legal, sa ngalan ng Pagkakalooban. Ang kabuuang tulong, kabilang ang mga gastos sa hukuman, ay limitado sa Sampung Libo at 00/100 dolyar (\$10,000.00), gaya ng nakasaad sa Talata 5 ng dokumentong ito.

7. **HINDI NAKIKIPAGTULUNGANG NAGPAPAUPA.** Sa kabila ng anumang salungat na nakasaad sa Kasunduan sa Pagkakaloob na ito, kung ang Nagpapaupa ay tumangging kumpletuhin ang bahagi ng Nagpapaupa sa aplikasyon para sa Kaloob ng CBRAP, tumangging lagdaan ang Kasunduan sa Pagkakaloob para sa Nagpapaupa ayon sa hinihingi ng IHDA, tumangging ibigay ang impormasyong kinakailangan upang mapondohan ang Kaloob ng CBRAP direkta sa Nagpapaupa, o kung hindi man ay hindi nakikipagtulungan, ang Pagkakalooban ay maaaring maging kuwalipikado para sa Direktang pagpopondo sa Nangungupahan ayon sa Talata 8 sa ibaba. Bago maglabas ng Direktang pagpopondo sa Nangungupahan, ang IHDA ay magsasagawa ng isang proseso ng pakikipag-ugnayan ("Pakikipag-ugnayan sa Nagpapaupa" [*Landlord Outreach*]). Maliban na lamang kung ituring ng IHDA na hindi na ito kailangan, ang Pakikipag-ugnayan sa Nagpapaupa ay kumpleto kapag:

- (a) Hiniling ng IHDA o ng awtorisadong itinalaga nito ang pakikilahok ng Nagpapaupa at ang Nagpapaupa ay hindi tumugon sa loob ng 14 na araw o bago isara ang portal ng aplikasyon para sa CBRAP, alinman ang mas maaga; o
- (b) Kinumpirma ng Nagpapaupa sa pamamagitan ng nakasulat na pahayag na ang Nagpapaupa ay hindi nagnanais na lumahok.

8. DIREKTANG PAGPOPONDO SA NANGUNGUPAHAN. Kung sakaling may hindi nakikipagtulungang nagpapaupa gaya ng binalangkas sa Talata 7 sa itaas, ang Nangungupahan ay maaaring maging kuwalipikado para sa pagpopondo ng CBRAP na direktang ibabayad sa Nangungupahan upang makatulong sa pagkuha ng alternatibong tirahan. Upang ang Pagkakalooban ay maging kuwalipikado para sa Direktang Pagpopondo sa Nangungupahan dahil sa isang hindi nakikipagtulungang Nagpapaupa, dapat matugunan ng Pagkakalooban ang lahat ng iba pang kinakailangan sa aplikasyon at pagiging kuwalipikado sa CBRAP, kabilang ang mga tuntunin ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito. Kung ang aplikasyon ng Pagkakalooban para sa Kaloob ng CBRAP ay naaprubahan para sa Direktang Pagpopondo sa Nangungupahan, ang bayad na hanggang dalawang (2) buwang upa ay ibabatay sa HUD Fair Market Rent sa Paupahang Unit.

Ang bayad ay ibibigay sa Pagkakalooban at gagamitin lamang para sa pagkuha ng alternatibong tirahan kasunod ng pagpapaalis o posibleng pagpapaalis mula sa Paupahang Unit ng hindi nakikipagtulungang Nagpapaupa.

9. KALAGAYAN NG KALOOB NG CBRAP. Ang mga obligasyon ng Pagkakalooban sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay nakasalalay sa aplikasyon ng Pagkakalooban, pag-apruba, at paggawad ng mga pondo mula sa Kaloob ng CBRAP. Kinikilala at nauunawaan ng Pagkakalooban na nilalagdaan ng Pagkakalooban ang Kasunduan sa Pagkakaloob na ito sa pag-asang maaaprubahan ang aplikasyon para sa Kaloob ng CBRAP, ngunit ang naturang aplikasyon ay hindi pa kumpleto sa oras na ang Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay digital na nilagdaan at sinang-ayunan ng Pagkakalooban. Kinikilala at nauunawaan ng Pagkakalooban na ang digital na paglagda at pagsang-ayon na tatalima sa mga tuntunin ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay hindi isang garantiya ng pagpopondo sa anumang paraan.

10. MGA PANGAKO, PAGPAPATUNAY AT REPRESENTASYON. Nauunawaan ng Pagkakalooban na ang sadyang pagsusumite ng maling impormasyon ay lumalabag sa naaangkop na batas ng pederal at ng Estado ng Illinois. Bilang kondisyon ng pagtanggap ng Kaloob ng CBRAP, ang Pagkakalooban ay nagpapatunay, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng panunumpa [*perjury*] alinsunod sa 720 ILCS 5/32-2, sa mga sumusunod:

- (a) Natutugunan ng Pagkakalooban ang mga minimum na kinakailangan sa pagiging kuwalipikado na nasa Talata 2.
- (b) Kung ang Kaloob ng CBRAP ng Pagkakalooban ay may kasamang pondo para sa upa sa hinaharap, ang naturang upa sa hinaharap ay kinakailangan upang matiyak ang katatagan sa pabahay.
- (c) Ang Kaloob ng CBRAP ng Pagkakalooban ay hindi kapareho o doble ng alinman sa iba pang tulong sa pag-upa na pinopondohan ng pederal o Estado na ibinibigay sa sambahayan ng Pagkakalooban.

- (d) Ang lahat ng impormasyon sa Aplikasyon na ito para sa Kaloob ay totoo, tama, at kumpleto.
- (e) Nauunawaan ng Pagkakalooban na maaaring imbestigahan ng Estado ng Illinois o IHDA ang kawastuhan ng mga pahayag ng Pagkakalooban anumang oras, at ang Pagkakalooban ay magbibigay ng lahat ng hiniling na impormasyon at dokumentasyon sa agarang paraan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, isang ganap na nilagdaang kopya ng kasalukuyan o pinakahuling kontrata sa upa o kasunduan sa paninirahan na naaangkop sa Paupahang Unit.
- (f) Nauunawaan ng Pagkakalooban na gagamitin ng IHDA ang impormasyon sa aplikasyon ng Pagkakalooban sa CBRAP upang suriin ang sambahayan ng Pagkakalooban para sa pagiging kuwalipikado sa mga pondo ng CBRAP ngunit hindi obligado na magbigay ng Kaloob ng CBRAP.
- (g) Para sa pagpopondo ng bayad sa atrasong upa, ang mga miyembro ng sambahayan ng Pagkakalooban (nangungupahan, kasamang nangungupahan, o sinumang buong-panahong naninirahan) ay:
- i. nanirahan sa Paupahang Unit sa mga buwang may atraso na kung saan ang Pagkakalooban ay naghahangad ng Kaloob ng CBRAP;
 - ii. naninirahan sa Paupahang Unit sa petsa ng aplikasyon sa CBRAP at ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito; at,
 - iii. hindi kusang-loob na aalis sa Paupahang Unit sa loob ng Panahon ng Saklaw ng Kaloob.
- (h) Mayroong wastong ugnayan sa pagitan ng Nagpapaupa at Nangungupahan. Walang sinumang naninirahan sa Paupahang Unit ang miyembro ng sambahayan ng Nagpapaupa.
- (i) Nauunawaan ng Pagkakalooban na ang IHDA ay maaaring makipagkontrata sa isang ikatlong-partidong entidad upang magtalaga ng mga random na numero sa mga nakumpletong aplikasyon at ang pag-a-apply ay hindi isang garantiya ng tulong para sa sambahayan ng Pagkakalooban.
- (j) Nauunawaan ng Pagkakalooban na ang mga pondo ng CBRAP ay limitado at maaaring hindi sapat upang pondohan ang lahat ng kuwalipikadong aplikante. Maaaring bigyang-prayoridad ng IHDA ang mga aplikasyon na may nalalapit na petsa ng pagpapaalis o batay sa bilis ng mga paglilitis sa hukuman.
- (k) Nauunawaan ng Pagkakalooban na kung ang Paupahang Unit ay bahagi ng isang residential, o mixed-use property, na may subsidiya mula sa pederal na pamahalaan, ang mga pondo ng CBRAP ay hindi maaaring ilapat sa mga gastusin na nabayaran, inaasahan, o naibalik sa ilalim ng alinmang iba pang tulong mula sa pederal.
- (l) Nauunawaan ng Pagkakalooban na kung ang sinuman sa sambahayan ay tumatanggap ng tulong sa upa maliban sa Kaloob ng CBRAP, ang Kaloob ng CBRAP ay maaari lamang gamitin upang bayaran ang bahagi ng upa na hindi nabayaran ng iba pang tulong sa upa.

(m) Kung inaprubahan ng IHDA ang isang aplikasyon kung saan ang Pagkakalooban at Nagpapaupa ay pumasok sa isang napagkasunduang kautusan kung saan sumang-ayon ang Pagkakalooban na lisanin ang Paupahang Unit, ang Pagkakalooban ay dapat umalis sa Paupahang Unit sa napagkasunduang petsa.

11. LABIS O MAY-KAMALIANG PAGGAWAD NG PONDO NG KALOOB NG CBRAP. Kinikilala ng Pagkakalooban na kung, sa anumang kadahilanan, (a) ang Kaloob ng CBRAP ay lumampas sa halagang kailangan upang matugunan ang mga atrasong upa ng Pagkakalooban, dalawang buwang inaasahang upa sa Paupahang Unit, o ang gastos sa pagkuha ng bagong paupahang tirahan alinsunod sa Talata 8 ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito; o (b) ang Pagkakalooban ay makatanggap ng bayad nang may pagkakamali, tulad ng itinakda ng IHDA sa sarili nitong pagpapasya:

Dapat ibalik agad ng Pagkakalooban ang anumang labis o may-kamaliang pondo sa IHDA. Ang tseke para sa labis o may-kamaliang bayad ay dapat ipangalan sa Illinois Housing Development Authority at ipadala sa IHDA care of JPMorgan Chase sa isa sa dalawang adres sa ibaba. **MANGYARING ISAMA ANG ADRES NG PAUPAHANG UNIT AT PANGALAN NG NANGUNGUPAHAN SA TSEKE.**

Mga tseke na babayaran sa: Illinois Housing Development Authority

Ang adres para sa Magdamagang Pagpapadala/Koreo ay ang sumusunod:

Illinois Housing Development Authority
c/o JPMorgan Chase
P. O. Box 735034
131 S Dearborn, 6th Floor
Chicago, IL 60603

Regular na Koreo

Illinois Housing Development Authority
c/o JPMorgan Chase
P.O. Box 735034
Chicago, IL 60673-5034

12. BATAS NG ESTADO. Ang Pagkakalooban ay sumasang-ayon na sumunod sa mga naaangkop na batas ng Estado.

13. PAGKUKULANG NG PAGKAKALOOBAN. Kung magkaroon ng pagkukulang [default] tulad ng isinasaad sa Talata 13 na ito, ang IHDA, sa sarili nitong pagpapasya, ay maaaring hilingin sa Pagkakalooban na ibalik sa IHDA ang buong halaga ng Kaloob ng CBRAP ng Pagkakalooban, kasama ang mga makatwirang bayarin, halaga, at gastos, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, bayad sa abogado. Sa pagkakataong may Pagkukulang, pinananatili ng IHDA ang lahat ng karapatan at remedyo na naaayon sa batas o katarungan. Ang anumang pagkaantala ng IHDA sa paggamit ng mga karapatan o remedyo nito ay hindi dapat ituring na pagtalikod sa alinman sa mga karapatan o remedyo nito. Ang Pagkakalooban ay itinuturing na may "Pagkukulang" kung ang Pagkakalooban o ang sinumang indibidwal na naninirahan sa Paupahang Unit ay:

- (a) lumalabag sa alinman sa mga tuntunin at kondisyon ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito;
- (b) bigong gampanan ang alinman sa mga obligasyon ng Pagkakalooban sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito o anumang iba pang dokumento na may kaugnayan sa CBRAP, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, aplikasyon para sa Kaloob ng CBRAP;
- (c) magsumite ng maling impormasyon o gumawa ng mahahalagang maling pagpapahayag [*material misrepresentations*] na lumalabag sa mga pangako, pagpapatunay, at representasyong ginawa sa Kasunduan sa Pagkakaloob na ito;
- (d) gumawa ng pandaraya na may kaugnayan sa anumang bahagi ng CBRAP; o
- (e) matukoy ng Attorney General ng Estados Unidos bilang isang kalahok o kasabwat sa anumang gawaing terorista.

14. PAGSUKO NG KARAPATAN NG PAGKAKALOOBAN. Ang mga halagang dapat bayaran at natitirang utang sa IHDA ay mananatiling may-bisa kahit walang pormal na kahilingan mula sa IHDA para sa pagbabayad. Isinusuko ng Pagkakalooban ang mga karapatan ng Pagkakalooban na hilingin sa IHDA na:

- (a) maglabas ng pormal na kahilingan para sa pagbabayad ng mga halagang dapat bayaran;
- (b) magbigay ng notisya na ang mga halagang dapat bayaran ay hindi pa nababayaran; o
- (c) kumuha ng opisyal na sertipikasyon ng hindi pagbabayad.

15. PAGBIBIGAY NG MGA NOTISYA. Anumang mga notisya sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay ipapadala sa pamamagitan ng elektronikong koreo (e-mail). Ang lahat ng komunikasyon sa e-mail ay dapat maglaman sa Subject line ng pangalan ng Pagkakalooban o aplikante, ID ng Kaso, at adres ng Paupahang Unit:

Para sa Pagkakalooban:

Pangalan ng Nangungupahan
Adres ng Paupahan
ID ng Kaso ng Nangungupahan
Email ng Nangungupahan

Para sa IHDA:

Pangalan ng Nangungupahan
Adres ng Paupahan
ID ng Kaso ng Nangungupahan
Cbrap.info@ihda.org

16. **MGA PAGSASAALANG-ALANG SA BUWIS SA KITA.** Mariing hinihikayat ng IHDA ang Pagkakalooban na humingi ng propesyonal na pagpapayo sa buwis tungkol sa mga implikasyon sa buwis ng Kaloob ng CBRAP at hindi dapat umasa sa mga representasyon ng IHDA anumang oras.

17. **PAGBABAYAD-PINSALA AT PAGTATANGGOL [INDEMNIFICATION].** Ang Pagkakalooban ay sumasang-ayon na magbayad-pinsala, huwag panagutin, at ipagtanggol ang IHDA at ang mga Miyembro, opisyal, ahente, empleyado, o kontratista nito laban sa, at hindi sila pananagutin mula sa, mga liabilidad, paghahabol, danyos, pagkalugi at gastusin, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga gastos sa legal na depensa, bayad sa abogado, mga pag-aayos o hatol, sa pamamagitan man ng direktang demanda o mula sa mga ikatlong partido, na nagmumula sa o may kaugnayan sa CBRAP, pagganap ng Nagpapaupa sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito, ng kontrata sa upa, sa Paupahang Unit, o sa Pagkakalooban. Sa anumang pagkakataon, ang IHDA ay hindi mananagot sa Pagkakalooban para sa anumang mga kinasapitan o di-sadyang pinsala, kabilang ang, nang walang limitasyon, mga nawalang kita, anuman ang uri ng paglabag ng Nagpapaupa, Pagkakalooban, o ng IHDA sa mga obligasyon nito sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito o alinman sa mga dokumentong ibinigay na may kaugnayan sa Kaloob ng CBRAP. Isinusuko ng Pagkakalooban ang lahat ng mga paghahabol para sa mga kinasapitan at di-sadyang pinsala. Sumasang-ayon ang Pagkakalooban na sa anumang pagkakataon ay hindi mananagot ang IHDA sa Pagkakalooban para sa anumang uri ng pinsala.

18. **PAGSUSUSOG.** Ang Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay hindi maaaring susugan maliban kung sa nakasulat na paraan na nilagdaan ng IHDA.

19. **PAGPAPATULOY NG MGA OBLIGASYON.** Ang mga obligasyon ng Pagkakalooban sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay mananatili at magpapatuloy pagkatapos ng pagbibigay ng Kaloob ng CBRAP.

20. **PAGKAKABUO NG KASUNDUAN.** Ang kawalang-bisa ng alinmang sugnay, bahagi, o probisyon ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay hindi makakaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi. Sa anumang pagkakataon ay hindi isinusuko ng IHDA ang soberanong imunidad sa kabila ng kawalang-bisa ng alinmang iba pang probisyon. Ang Pagkakalooban ay sumasang-ayon na ang Kasunduan sa Pagkakaloob na ito at ang mga karapatan at obligasyon ng mga partido sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay papamahalaan ng mga batas ng Estado ng Illinois, nang walang pagtukoy sa mga prinsipyo nito sa salungatan ng batas. Kung higit sa isang partido ang lumalagda sa Kasunduan sa Pagkakaloob na ito bilang Pagkakalooban, ang lahat ng partido ay sumasang-ayon na sama-sama at magkakahiwalay na mananagot.

21. **ELEKTRONIKO AT FACSIMILE NA MGA LAGDA.** Pinananatili ng IHDA ang karapatan, sa sarili at lubos nitong pagpapasya, na hingin ang orihinal na mga lagda o umasa sa elektroniko, facsimile na transmisyon, o mga photocopy ng facsimile na transmisyon, at sa pamamagitan nito ay isinusuko ng Pagkakalooban ang anumang karapatang tumutol sa bisa ng kanilang lagda batay sa eksklusibong pagpapasya ng IHDA.

Kinikilala ng Pagkakalooban na nagkaroon ng pagkakataon ang Pagkakalooban na suriin ang Kasunduan sa Pagkakaloob na ito kasama ang isang abogado, at nauunawaan at sinasang-ayunan ng Pagkakalooban ang mga tuntunin at kondisyon nito.

SAMPLE - NON-BINDING